

## TCI ASIA PACIFIC – DEKLARASYONG BALI 2018

### Transforming Communities for Inclusion- Asia Pacific

#### [TCI Asia Pacific]

Kami, mga taong may kapansanang psychosocial at mga tagasuporta galing sa iba't ibang sektor ng may kapansanan mula sa 21 mga bansa ng rehiyong Asya Pasipiko, sa Bali, ika- 29 ng Agosto 2018, sa Plenaryong pagpupulong ng Transforming Communities for Inclusion – Asia Pacific [TCI Asia Pacific], 1 ay, Nagpapatunay

- Ng sistematiko at laganap na paglabag sa lahat ng aming mga karapatang pantao; kasama ang lahat ng porma ng diskriminasyon, eksklusyon, karahasan, mga paggamot na di makatao, nakapanlilit, at tortyur na umiiral sa mas mayaman at mas mahirap na mga bansa; sa lunsod at kanayunan; sa mga isla; sa mga institusyon at pamayanan; sa mga paaralan, pamantasan, palingkurang pangkalusugan, at serbisyong panlipunan.
- Ang kabiguan ng kasalukuyan at pinakabagong mga tugong pampatakarang hinulma ng modelong medikal na naglilimita sa kalayaan, pagpili at oportunidad; ang pagbabantay ng mental health system sa pamamagitan ng pagsuri, pagkundisyon, pagkontrol at restriksyon sa ang aming mga karapatan; na kadalasang binabalewala ang mga rekursong pang-inklasyon sa mga pamayanan, kultura, paniniwala na maaaring makapagpataas ng aming pagpipilian at pagkakataon sa lubusang inklasyon.
- Yaong mga tugong pampatakarang na kadalasang nakasentro sa mental health ay hindi alinsunod sa pandaigdigang mga pamantayan ng mga karapatang pantao at mga balangakas na nagmula sa iba't ibang internasyunal na mga Kumbensyon at mga tratado, pinakamahalaga na ang UN Convention on the Rights of Persons with Disabilities [CRPD]. Hinimok ng mga pag-unlad na ginawa ng ibang mga bansa sa rehiyon na nagtitiyak ng inklasyon ng mga taong may kapansanang psychosocial sa mga patakarang at batas para sa inklasyon ng lahat ng taong may kapansanan alinsunod sa CRPD; pinatutunayan ang absolutong halaga ng pagpalit ng paradaym tungong 'inklasyon' at palayo mula sa modelong medikal o ang tanging pokus sa 'mental health';

Naaalarma na kahit na ang pinakaprogresibong kapaligirang pang-mental health ay nananatiling kumukontrol at nagkakait ng aming mga karapatan sa edukasyon, hanapbuhay, pagkakaroon ng pamilya, akses sa panlipunang proteksyon, pagkain, mga batayang pangangailangan at ng sapat na pamantayan sa pamumuhay; karapatan sa paghalal, sa buhay at kalayaan, pantay na pagtingin sa harap ng batas, kabilang ang iba pang mga karapatang tinitiyak ng balangakas ng mga karapatang pantao;

1 Ang TCI Asia Pacific ay isang alyansa sa Asya Pasipiko ng mga taong may kapansanang psychosocial mula sa mga rehiyon ng Asya at Pasipiko, at kanilang mga tagasuporta galing sa iba't ibang sektor ng may kapansanan mula sa 21 mga bansa. Ang tunguhin ng TCI Asia Pacific ay ang implementasyon ng CRPD para sa lahat ng taong may kapansanang psychosocial. Ang TCI Asia Pacific ay nakatuon sa pagpapalawak ng pagtuturo at praktika ng inklusyon ng mga taong may kapansanang psychosocial (Artikulo 19 ng UNCRPD).

TCI ASIA PACIFIC – DEKLARASYONG BALI 2018

Sa mga isyu ng sustinidong diskriminasyon at eksklusyon ng mga taong may kapansanang psychosocial, aming itinatampok bilang malubha:

- Ang pagdami ng mga bagong batas sa mental health sa rehiyong Asya Pasipiko na may mga probisyon ng sapilitang pagpapaospital at pagpapagamot ; na madalas na nauuwi sa pinakamataas na bilang ng pananatili sa mga ospital na psychiatric 2; ang teribleng mga kundisyon sa mga institusyong mental kasama na ang pisikal at sekswal na pang-aabuso ng mga taong may kapansanang psychosocial ng rehiyon 3; panganib sa buhay dulot ng impeksyon, kagutuman, malnutrisyon, direktang shock treatment (pangunguryente sa utak na di gumagamit ng anestisya)4 , walang pakundangang paggamit ng panali o pamigil, pagkapiit nang mag-isa, at iba pang mga paggamot na di makatao, nakapanlilit, at tortyur;
- Mga paglabag sa pamilya at pamayanan- kasama ang pasung, (pagkadena) isang praktikang karaniwang matatagpuan; pinapalayas at pinagkakaitan ng lahat ng akses sa anumang uri ng pamilya at pakikilahok sa komunidad; seklusyon sa mga kundisyong di makatao, nakapanlilit, at tortyur sa loob ng mga institusyon ng panlipunang pagkalinga, pabahay na walang pagsubaybay, barungbarong at kulungan ng hayup;
- Ang lubusang pagpapatahimik sa mga tinig ng mga taong may kapansanang psychosocial sa pamamagitan ng diskriminasyong may basbas ng Estado gamit ang mga batas hinggil sa kawalang kapasidad na mas madalas na praktika sa mga bansang Komonwelt; ang sistematikong diskriminasyon laban sa aming inklusyon sa pag-unlad lalo na ng kababaihan, kabataan, LGBTI, mga katutubo, at iba pang grupong nakararanas ng maraming diskriminasyon sa mga lipunan.

Na ang mga alalahaning ito ay hindi isporadikong kaganapan bagkus ay kumpirmadong madalas na mga pangyayari sa lahat ng bahagi ng Asya Pasipiko; malalim na nakapaloob sa ligal, normatib, at mga panlipunang istruktura; ipinatutupad ng kolonyal at istorikal na mga tradisyong nakapaloob sa mga pambansang batas;

Na ang mga paglabag na ito sa batas at praktika ay hindi matutugunan ng maliitang pagpapabuti ng mga mental health systems na nagpapatuloy ng pagkait ng mga karapatang pantao sa ngalan ng 'pinakamabuti para sa amin', bagkus, ng

pagyakap sa buong pagbabago ng paradaym ng CRPD tungong inklusyon alinsunod sa aming pinili, kalooban, at kagustuhan.

2 Korean DPO and NGO Coalition for parallel report on CRPD (2014). INT\_CRPD\_CSS\_KOR\_18207\_E. Pagkatapos mapatupad ang bagong batas sa mental health, mahigit 90% ng mga admisyon ay sapilitan. Ang karaniwang tagal ng pananatili sa mga ospital pangmental ay 247 araw; 3693 araw para sa mga naninirahan sa mga psychiatric sanatorium. Tingnan CRPD Monitoring Committee List of Issues in relation to the initial report of the Republic of Korea. CRPD/C/KOR/Q/1 ng 12 Mayo, 2014. 3 Human Rights Watch, (2014). "Treated worse than animals. Abuses against women and girls with psychosocial and intellectual disabilities in India". <https://www.hrw.org/report/2014/12/03/treated-worse-animals/abusesagainst-women-and-girls-psychosocial-or-intellectual>. Human Rights Watch, (2016). "Living in Hell. Abuses against people with psychosocial disabilities in Indonesia". <https://www.hrw.org/report/2016/03/20/living-hell/abuses-against-people-psychosocial-disabilities-indonesia> 4 Center for Advocacy in Mental Health (2006). "ECT in India". <http://www.ect.org/?p=551>, tiningnan online noong 4 Setyembre 2018.

TCI ASIA PACIFIC – DEKLARASYONG BALI 2018

Binabalikan,

- Ang mga komitment ng lahat ng mga bansang kasapi ng UN na ipatupad ang Sustainable Development Goals upang walang sinumang maiwanan ay bumabawas sa di pagkakapantaypantay at nagbibigay kapangyarihan at nagtataguyod ng panlipunan, ekonomiya at pulitikal na inklusyon ng lahat,
- Ang obligasyon ng nakararaming bansa sa Asya Pasipiko na nagratipika sa CRPD upang itaguyod, ipagtanggol, at tiyakin ang lubos at pantay na pagtamasa ng lahat ng mga karapatang pantao at batayang kalayaan ng lahat ng taong may kapansanan at itaguyod ang paggalang sa kanilang likas na dignidad, awtonomiya at nagsasariling pagpapasya nang pantay sa iba
- Ang mga komitment ng lahat ng mga bansa sa Asya Pasipiko na "Gawing tunay ang karapatan" para sa lahat ng taong may kapansanan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Incheon Strategy
  - Ang mga komitment ng mga bansa sa Pasipiko sa Pacific Framework on the Rights of Persons with disabilities Kinkilala na ang inklusibong implemetasyon ng Sustainable Development Goals at ang lubos na pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao ay kapwa nagpapalakas sa isa't isa,

Tinatanggap,

- Ang mga concluding observations at rekomendasyon ng komite ng UN CRPD sa Asya Pasipiko sa kasalukuyan, gayundin ang General Comments on Equal Recognition before the law (Art 12)5, Women with

- Disabilities (Art 6)<sup>6</sup>, Living independently and being included in the community (Art19)<sup>7</sup>, Non-discrimination and equality (Art 5)<sup>8</sup> at iba pa,
- Ang mga ulat ng UN Special Rapporteur on the Rights of Persons with disabilities sa UN Human Rights Council hinggil sa Social protection<sup>9</sup>, Inclusive policy<sup>10</sup>, Legal capacity<sup>11</sup> at Participation and rights-based support for persons with disabilities <sup>12</sup>,
- Ang ulat mula sa Special Rapporteur on the Right to highest standards of physical and mental health sa Human Rights Council on Mental Health, pahayag sa “korupsyon” sa mga mental health systems sa mundo<sup>13</sup> at ang pagkumenda sa “global burden of barriers” na kinakaharap ng mga taong may kapansanang psychosocial<sup>14</sup>,
- Ang 2017 Human Rights Council Resolution on Mental Health and Human Rights<sup>15</sup>, kasama ang panawagang tugunan ang mga saligang panlipunan, ekonomiya, at pangkapaligirang

5 CRPD /C/GC/1, (2014) CRPD General Comment 1 on Right to Equal Recognition before the Law. 6 CRPD/C/GC/3 (2016) General Comment on Women with disabilities. 7 CRPD/C/GC/5 (2017) General Comment on Right to Living independently and being included in community. 8 CRPD/C/GC/6 (2018) General Comment on Equality and Non – Discrimination. 9 A/70/797 10 A/71/314 11 A/HRC/37/56 12 A/HRC/34/55 13 A/72/137 14A/HRC/35/21 15 A/HRC/34/32  
TCI ASIA PACIFIC – DEKLARASYONG BALI 2018

- tagapagtakda ng kalusugan; abandonahin ang lahat ng mga praktikang lumalapastangan sa mga karapatan, kalooban, at kagustuhan ng lahat ng tao; de-institusyonalisasyon; pag-iwas sa labis na medikalisasyon at pagtaguyod at paggalang sa mga karapatan sa kalayaan at seguridad ng isang tao at ang ang mamuhay nang nagsasarili at nabibilang sa pamayanan.

Sa lubos na katuparan ng lahat ng mga karapatang pantaong nakasaad sa CRPD, lalo na ng karapatang pantaong mamuhay nang nagsasarili at nabibilang sa mga pamayanan (Artikulo 19, General Comment 5), nais naming (1) makapagpasya sa aming tirahan and kung sino ang aming kasama sa paninirahan (2) magkaroon ng akses sa masaklaw na mga serbisyo sa suportang pantahanan, residensyal at/o pangkomunidad na malapit sa aming tirahan (3) mapabilang sa lahat ng serbisyong mayroon kapatid ng iba at (4) ang mga serbisyo ay tumutugon sa aming tiyak na mga pangangailangan.

Mga Panawagan sa Pagkilos

Na kumikilala sa inklusyon ng mga taong may kapansanang psychosocial ay nangangahulugan ng pagbabago sa paradaym at pagpapalit ng balangkas ng kapaligirang pampatakaran mula modelong medikal tungong modelong panlipunan; mental disorder tungong kapansanang psychosocial; kalusugang pampubliko tungong inklusiyong pag-unlad; institusyonalisasyon tungong inklusyon; paggamot tungong mga sistemang pansuporta, na pinapatnubayan ng CRPD at ng SDGs upang magsilbing tulay sa nabanggit na pagpapalit ng balangkas;

- Na maglulugar sa inklusyon ng mga taong may kapansanang psychosocial bilang layunin, proseso at resulta ng lahat ng aksyong panlipunan, lehislatibo, patakaran, programa, serbisyo sa lahat ng sektor na isinasama ang lahat ng aktor, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa pagaalaga sa kalusugan at sa lahat ng adyenda ng pag-unlad, mga plano, programa at mga pakikipagtulungan para sa pagbabago,
- Humihigit sa mga kasalukuyang lapit sa harm reduction gaya halimbawa ng WHO na magpanumbalik at magreporma tungo sa “makataong” mental health care; at ipinahahayag ang agam-agam sa patuloy na mga pagsisikap sa “reporma” na mintinahin ang detensyong psychiatric na sistematikong depektibo at may lipas nang disensyong kolonyal; at nag-aalala na ang WHO Quality Rights<sup>16</sup> ay maling maitanghal na solusyon sa aming suliranin ng inklusyon,
- Yumayakap sa mga kilusan para sa hindi marahas, pinangungunahan ng kapwa may kapansanang psychosocial, trauma-informed, mga programang pinangungunahan ng komunidad, paghilom, mga praktika sa kulturang kinikilingan ng mga lokal na grupo ng mga taong may kapansanang psychosocial; mapagmasid sa kilusan ng mga alternatibong hindi medikal sa daigdig at sa rehiyong Asya Pasipiko; at progresibong mga modelo para sa suporta sa mga komunidad,

Aming ipinapasa, ang mga sumusunod na hakbang na dapat maisakatuparan ng may pagtitiyak na ang mga taong may kapansanang psychosocial ay sangkot sa bawat yugto-

16 WHO Quality Rights Initiative (2017).

[http://www.who.int/mental\\_health/policy/quality\\_rights/en/](http://www.who.int/mental_health/policy/quality_rights/en/)

TCI ASIA PACIFIC – DEKLARASYONG BALI 2018

- Ang karapatan sa edukasyon ay maisakatuparan sa lahat ng sistemang pang-edukasyon na suportado ng mga reporma tungo sa panghabambuhay na pagkatuto; akses sa alternatibo at komunikasyong augmentative gaya ng hindi berbal/ ekspresyong nakabatay sa sining; makatwirang akomodasyon; akses sa pleksibleng mga programa at masaklaw na serbisyong pansuporta; pagbabawal ng mapaminsala, sapilitan o labis na medikalisasyon at institusyonalisasyon ng kabataan;
- Ang karapatan sa pagtatrabaho at hanapbuhay ay maisakatuparan para sa mga taong may kapansanang psychosocial sa lahat ng job markets, employment exchanges, job placements at suporta para sa mga oportunidad pangkabuhayan; pagkakaloob ng suporta, pleksibleng oras at makatwirang akomodasyon sa mga lugar ng empleyo; benepisyong pang kapansanan sa trabaho kapatat ng iba;

makatarungang pagkilala sa mga ambag; mga posibilidad sa propesyunal na pagunlad, akses sa mga pagsasanay, promosyon at iba pa nang kapatas ng iba;

- Ang karapatan sa sapat na pamantayan ng pamumuhay at proteksyong panlipunan ay maisakatuparan para sa inklusyon ng taong may kapansanang psychosocial sa lahat ng mga programa ng panlipunang seguridad; pagtiyak sa karapatan sa pagkain; ang karapatan sa pabahay na ubod ng halaga lalo na sa pagbibigay ginahawa sa mga taong nakapiit/nakakadena sa rehiyon upang mapigilan ang institusyonalisasyon at makapamuhay sa mga pamayanan; mga iskemang panlipunang proteksyon upang tulungang makaahon sa kahirapan at umunlad; ang mga iskemang ito ay dapat na nakadisenyo sa pagtiyak ng dignidad, paggalang, awtonomiya at nagsasariling pamumuhay ng lahat ng taong may kapansanang psychosocial;
- Ang karapatan sa health care ay maisakatuparan kabilang ang pangkalahatan at kumprehensibong pangangalaga sa kalusugan na kapatas ng iba; na ang pangangalangang psychiatric ay hind imaging balakid sa akses sa pinakamataas na pamantayan ng kalusugan at kabutihan; na ang pag-ulat ng ng mga alalahaning iatrogenic ng mga taong may kapansanan at kanilang pamilya (halimbawa ay pagiging mala zombie, tardive dyskinesia, Parkinson's, psychosis, pag-iisip at pag-uugaling pagpapatiwakal, dagdag pa sa metabolic, cardiovascular at iba pang kumplikasyon sa pangkalahatang kalusugan ) ay kilalanin at tugunan; magkaroon ng iba't ibang uri ng paghilom na sensitibo sa kultura at mga metodong pangkabutihan, kabilang ang diet therapy, yoga, tai chi, qi gong, meditation, trauma informed counselling, talk therapies, arts therapies at iba pa na saklaw ng health care;
- Magkaroon ng mga programa para sa deinstitutionalisasyon, pagtiyak ng mga sistemang pansuporta sa pamayanan tulad ng personal assistance, community circles of care, peer support, pormal at impormal na network ng suporta, pagpapalakas sa pamilya, listening spots, refuge / drop in / quiet rooms, mga ispasyo para sa mapanlikhang ekspresyon, personal insight building lalo na hinggil sa krisis, mga indibidwal na taga suporta na may pagsasanay upang makipagdayalogo at negosasyon para sa kaligtasan na nakabatay sa kalooban at kagustuhan ng taong may kapansanang psychosocial, magkaroon ng suporta malapit kung saan namumuhay ang isang tao lalo na para sa mga walang tirahan, at mga kapaligiran ng kapayapaan at kaligtasan sa mga pamayanan;
- Ang karapatan sa pakikilahok sa pulitika ay matiyak sa lahat ng bansa sa rehiyon lalo na ang karapatan sa paghalal, pagkandidato, at paghawak ng posisyon sa pamahalaan;

Na, ang aming karapatan sa lubos at patas na pagkilala sa harap ng batas ay kagyat na kilalanin ng mga bansa sa aming mga rehiyon; na ang mga batas ay maitugma sa CRPD upang wala nang taong may kapansanang psychosocial ang mapagkakaitan ng mga karapatang sibil, panlipunan, pulitikal, pangekonomiya o pangkultura sa ngalan ng “kawalang kapasidad” o “di maayos na pag-iisip”; na ang sistemang ligal ay malinis sa taglay nitong pamanang kolonyal lalo na sa Komonwelt; Na, ang diktum na “Nothing about us without us” ay matiyak sa lahat ng mga proseso kabilang ang pagpapaunlad ng teknikal, etikal at iba pang alituntunin, patakaran, mga batas, at iba pang mga pagsisikap para sa aming inklusyon;

Na, ang lahat ng United Nations at alyadong mga ahensya, aid agencies, at pandaigdigang mga aksyon ng mga pamahalaan tungo sa pagpapaunlad ng aming mga rehiyon, kabilang na ang WHO, na isaalangalang ang aming paglahok at inklusyon sa lahat ng kooperasyon tungo sa inklusibong pag-unlad; na ang lahat ng aksyong ito ay isinasaisip ang pagbabago sa paradaym mula mental health tungong inklusyon;

Kami ay naghahangad,

- Na ang lahat ng nabanggit na progresibong mga aksyon para sa aming inklusyon ay para sa aming interes, mag-ambag sa nabanggit na mga aksyon sa pamamagitan ng mga kooperasyon sa mga pagsasanay, capacity building , patnubay sa inklusyon, pananaliksik, at iba pang aksyon tungo sa pagbabago sa direksyon ng kapaligirang panglehislatibo at patakaran para sa inklusyon;
- Na makipagtulungan sa mga organisasyong ang layunin ay kahalintulad ng sa amin, at gumagalang sa prinsipyo ng pamumuno, lubos at epektibong paglahok ng mga taong may kapansanang psychosocial, gayundin ng aming pagkadalubhasa sa lahat ng bagay na may kinalaman sa aming mga buhay at karapatan, para sa pagpupunyagi sa panlipunang pagbabago
- Na magkaroon ng makabuluhang papel sa aming mga lipunan, maging ito man ay sa sahurang trabaho, gawain sa panlipunang katarungan, impormal na pangangalaga at gawaing pansuporta o ng iba pa. Kami ay naniniwala na ang kapaligirang nagbibigay daan sa lubos na pagpapaunlad ng aming potensyal bilang tao sa kabuuan ng aming pagkakaiba-iba ay mag-aambag din sa panlipunan, ekonomiya, kultura at pampulitikang pagsulong ng ating mga lipunan.

Deklarasyong tinanganan ng TCI Asia Pacific

Ika-5 “Classic Edition” Plenaryo ng TCI Asia Pacific,

Bali, Indonesia, 29 Agosto 2018.

Convenor: Bapu Trust for Research on Mind & Discourse,

704 Fillicium, Nyati Estate, Mohammedwadi, Pune 411060 India

Email: tciasia.secretariat@gmail.com Web: <https://tci-asia.org>